

Inisiyatiba ng Kapakanan ng Komunidad Sinusuportahan ang Mga Programa para sa Garantisadong Kita

Ikinalulugod na ianunsyo ng Alameda County Social Services Agency na ang Inisiyatiba ng Kapakanan ng Komunidad ay pinopondohan sa pamamagitan ng magandang suporta ng Hellman Foundation. Ang layunin ng inisiyatiba ay para dagdagan ang kasalukuyang ginawang mga programa ng Garantisadong Kita na pinaglilingkuran ang mga residente ng Alameda County.

TAKDANG PETA NG APPLICATION: Nakatakda ang mga application sa **Oktubre 10, 2025, nang 5pm**. Dapat matanggap ang lahat ng application sa elektronikong paraan ng Alameda County Social Services Agency (ACSSA) **Hindi tatanggapin ang mga nahuling application.**

Iaanunsyo ang mga makukuhang application sa huling bahagi ng Oktubre 2025.

Ang lahat ng desisyon sa pagpopondo ay pinal. Walang magiging proseso ng apela para sa mga desisyon sa application.

Ipara mag-apply pakikumpleto at isumite ang iyong application sa pamamagitan ng email sa: SSAInnovations@acgov.org

Ang lahat ng materyal sa application ay dapat isumite sa pamamagitan ng email lang; hindi tatanggapin ang mga papel na kopya.

BACKGROUND

Tirahan ang Alameda Countynang mahigit sa 1.6-milyong tao sa 14 na pinagsamang lungsod at maraming hindi pinagsamang komunidad na ika-7 pinakamaraming papoulasyon ng county sa estado at ika-21 pinakamaraming populasyon sa bansa. Kilala ang Alameda County para sa malaking iba't ibang mga kultura at maraming kasaysayan ng katatagan pero ang 9.5% ng County ay namumuhay sa kahirapan. Bagaman ang rate ng kahirapan ng Alameda County ay mas mababa kaysa sa California average at ang US average, nagsusumikap pa rin ang mga indibiduwal at pamilya na matugunan ang pang-araw-araw na mga pangangailangan. Maraming dahilan ang nag-ambag sa isyung ito, tulad ng mataas na halaga ng pamumuhay at kakulangan ng abot-kayang pabahay, hindi patas na kita, at ang limitadong access sa mga pinagkukunan. Ang mga residente ng Alameda County ay nararapat na tumira sa isang lugar na walang pang-ekonomiya paghihirap para umunlad sa isip, pisikal at pinansyal.

Mga Gawad na Pagpopondo:

Hanggang sa 3 gawad na tulong na salapi ang gagawin; hindi dapat lumampas ang mga tulong na salapi sa \$175,000 bawat organisasyon.

Dapat gamitin ang mga gawad na pondo para direkta bayaran ang mga kalahok ng programang garantisadong kita sa isa o mahigit sa mga sumusunod na paraan:

- Para dagdagan ang bilang ng mga kalahok sa programang garantisadong kita
- Para palawigin ang tagal ng oras na matatanggap ng mga kalahok garantisadong kita
- Para dagdagan ang buwanang halaga ng pagbabayad na natatanggap ng mga kalahok ng programa

Mga Organisasyon na Kwalipikado para mag-apply para sa pagpopondo:

- Dapat nagsasagawa sa kasalukuyan ang organisasyon ng garantisadong kita o nasa proseso ng paglulunsad ng karagdagang grupo na sinusuportahan ang mga residente ng Alameda County na may limitadong asset, limitadong kita, at napapabilang sa mga sumusunod na kategorya:
 - Mga pamilyang may kahit isang maliit na anak (zero hanggang 8 taong gulang ang edad)
 - Kabataan na umaalis mula sa foster care at/o juvenile justice system
 - Mga senior citizen
 - Ang mga buntis na indibiduwal na nasa pinakamataas na panganib na manganak nang maaga
- Matatagpuan sa Alameda County ang organisasyon (dapat mayroong aktwal na lokasyon sa Alameda County)
- Ang organisasyon ay dapat isang nonprofit na organisasyon na may 501(c)(3) na status o aplikante na gumaganap na tulad ng isang nonprofit na organisasyon ay maaaring mag-apply sa isang piskal na sponsor (Kinakailangan na Dokumento: Pagsumite ng Sulat ng Federal Tax-Exempt Status. Kung gumagamit ka ng piskal na sponsor, pagsumite ng Sulat ng Federal Tax-Exempt Status at kopya ng Fiscal Sponsorship Agreement).

Pakitandaan: Kung pinili ang iyong organisasyon at hindi nakatanggap ng bayad noong nakaraan mula sa Alameda County, kakailanganin mong kumpletuhin ang pagrerehistro ng vendor sa County bago maibigay ang anumang pondo. Kasama sa prosesong ito ang pagsumite ng kumpletong [W-9](#) (Kinakailangan na Dokumento: W-9 Form ay dapat Bersyon ng IRS Rev. Marso 2024, pinirmahan at may petsa noong 2025. *Tandaan: Labis na mahalaga ang pagsunod sa kinakailangang ito.*) Hinihikayat ka namin na isumite ang W-9 kasama ng iyong application para i-streamline ang proseso kung mapili ka.

Ang pinal na mga gawad na tulong na salapi ay depende sa bilang ng mga kwalipikadong aplikante, pagsusuri ng mga application kaugnay sa pamantayan, ang pagiging available ng mga pondo. Sa pamamagitan ng pag-apply sa programang gawad na ito, hindi ginagarantiyahan na ang aplikante sa anumang paaan na makatanggap ng mga gawad na pondo. May karapatan ang County ng Alameda

sa pamamagitan ng Social Services Agency, na baguhin ang anumang aspeto ng prosesong ito o pangkalahatang programa sa anumang paraan para sa sarili nito kumbiyente anumang oras

Pakitanong sa propesyonal sa buwis ng iyong organisasyon tungkol sa anumang kinakailangan sa pag-uulat ng buwis.

MINIMUM NA MGA KWALIPIKASYON

- **Organisasyon:** Ang palikante ng organisasyon ay dapat mayroon opisina na matatagpuan sa Alameda County.
- **Heograpikong Pagtuon:** Dapat direktang pinaglilingkuran ng programa ang mga residenteng nakatira sa loob ng Alameda County.
- **Paggawa at Karanasan ng Programa:** Ang organisasyon ng aplikante ay dapat ipakita ang kanilang programa ng garantisadong kita ay nagawa na, pagkakaroon ng matagumpay na pinangasiwaang mga pagbabayad sa mga kalahok at kasama ang naipapakitang karanasan sa pagbibigay, pag-enroll, at pamamahagi ng pagbabayd ng kalahok.
- **Modelo at Pagsusuri ng Programa:** Ang organisasyon ng aplikante ay dapat magsumite ng malinaw na sinasabing modelo ng programa na binabalangkas ang lumalahok na pamantayan ng pagiging kwalipikado, mga paraan ng pamamahagi ng pagbabayad, at anumang kasamang ibinibigay na mga serbisyong pang suporta. Dagdag pa, dapat isama ang paunang plano para sa pagsusuri ng progama. kasama ang iminungkahing mahalagang metrics para sa pagsusukat ng epekto.
- **Commitment sa Patas na Kinalabasan:** Ang disenyo ng programa ay dapat magpakita ng commitment sa pag-abot ng mga magkakaibang komunidad sa Alameda County. Dapat ilarawan ng mga aplikante ang kanilang mga estratehiya para sa equitable outreach at ang pag-enroll para matiyak ang malawak na access sa programa.

Pamantayan ng Mungkahi

Ang lahat ng aplikante ay dapat ma-screen para sa pagiging kumpleto at para matiyak na natutugunan nila ang minimum na mga kinakailangan bago suriin ng komite ng pagsusuri ang pamantayan para pumili at magrekomenda ng mga application para sa pagpopondo. Ia-assess ang mga mungkahi sa mga sumusunod:

- **Heograpikong Pagtuon at Layunin ng Programa** Dapat magbigay ang programa ng malinaw na plano para sa pagbibigay na ang lahat ng kalahok ay kasalukuyang residedent ng Alameda County. 15 points
- **Paggawa at Karanasan ng Programa:** Dapat ipakita ng programa ang kanilang programa ng garantisadog kita ay matatag at malinaw na inilalarawan ang oureach ng kalahok, pag-enroll, at proseso ng pamamahagi ng pagbabayad. 15 points
- **Modelo at Approach ng Programa:** Ang modelo ng programa ay dapat malinaw na tukuyin ang pagiging kwalipikado ng kalahok, structure ng pagbabayad, at ang kasamang mga serbisyong pangsuporta, ipinapakita ang malinaw na koneksyon sa mga gumagabay na prinsipyo at halaga ng programa. 15 points

- **Pakikipag-ugnayan ng Komunidad at Mga Partnership:** Dapat ipakita ng mga aplikante ang matatag na mga koneksyon ng komunidad, mga partnership, at malinaw na estratehiya sa pakikipag-ugnayan sa mga residente ng Alameda County para suportahan ang kanilang programa. 15 points
- **Epekto at Pagsusuri ng Programa:** Dapat kilalanin ng programa ang mahalagang palatandaan para sa pagsukat ng tagumpay lampas sa metrics at ipakita ang kapasidad para kumolekta at gamitin ang data para ipaalam ang gawa nito. 15 points
- **Kapasidad at Pagpapanatili ng Pang-oraganisasyon** Dapat ipakita ng organisasyon ang matatag na infrastructure at kapasidad na epektibong pangasiwaan at subaybayan ang programa ng Garantisadong Kita at pamahalaan mga gawad na pondo. 10 points
- **Pampinansyal na Plano at Budget:** Ang iminungkahing budget ay dapat makatotohonon, pinatunayan, at malinaw na ipinapakita ang pagiging epektibo sa pagkamit ng mga layunin ng programa. 15 points

Proseso ng Pagsusuri

Sinusuri ang mga application ng Grant Review Committee ng Alameda County Social Services Agency na binubuo ng kombinasyon ng kawani ng Ahensiya, mga kinatawan ng komunidad at iba pang kwalipikadong nagsusuri na may kaugnayang expertise.

Ang mga gawad na tulong na salapi ay sinusuri ng Grant Review Committee at inirerekomenda sa Direktor ng Social Services Agency para sa pinal na pag-apruba.

Pakitandaan: Pinal ang lahat ng desisyon sa pagpopondo. Walang proseso para sa apela para sa mga desisyon sa application. Hinihikayat namin ang mga aplikante na tiyakin na kumpleto ang kanilang mga mungkahi, malinaw na nakasulat, at isumite sa oras. **Hindi tatanggapin ang mga nahuling application.** Ang lahat ng materyal sa application ay dapat isumite sa pamamagitan ng email lang; hindi tatanggapin ang mga papel na kopya.

MGA KINAKAILANGAN SA PAG-ULAT NG GAWAD

Kung mapili para sa oportunidad na ito, kailangan ng mga grantee na magsumite ng pinal na ulat sa **Alameda County Social Services Agency** na idinidetalye ang mga kinalabasan, epekto, at mga natutunang leksyon mula sa pinondohang proyekto. Magbibigay ng template ng ulat para matiyak ang consistency at makuha ang mahalagang impormasyon. Ang pinal na ulat ay dapat isumite sa elektronikong paraan bago ang **Marso 30, 2026**.

Kasama sa pinal na ulat ang mga sumusunod na bahagi:

- Mga ginawang layunin at progress ng programa sa panahon ng gawad.
- Pinaglingkurang populasyon, kasama ang mga heograpikong detalye ng mga kalahok.
- Mga hamon o balakid na naranasan at paano natugunan ang mga ito.
- Pagbabalangkas kung paano ipinamahagi sa mga kalahok ang mga gawad na pondo.

- 1-2 Mga kwento ng mga kalahok na binibigyan-diin ang epekto (kasama ang naaangkop na pahintulot)

TIMELINE	
Deadline ng Application	Oktubre 10, 2025
Mga Piniling Grantee	Huling Bahagi ng Oktubre 2025
Ibinigay ang mga Pondo	Nobyembre/Disyembre 2025
Pinal na Report	Marso 30, 2026
Mga Instruksyon ng Application • Makikita ang application sa pahina 5, na magiging iyong cover page. • Makikita ang mga Narrative na Tanong sa pahina 6. • Dapat i-type ang mga sagot gamit ang Arial at size 11 na font sa word document. • Ang application ay dapat hindi mahigit sa 5 pahina na max. • Ang lahat ng materyal sa application ay dapat isumte sa pamamagitan ng email lang sa SSAInnovations@acgov.org; hindi tatanggapin ang mga papel na kopya. <i>Magpadala ng mga tanong tungkol sa application o proseso ng application sa: SSAInnovations@acgov.org.</i>	

APPLICATION Impormasyon ng Programa	
Pangalan ng Organisasyon ng Aplikante	
Pangalang ng G.I. Program <i>*Kung iba sa Pangalang ng Organisasyon*</i>	
Address	
Lokasyon ng Programa <i>*(Mga) lungsod/Lugar/(mga) Zip code)</i> <i>Pinaglingkurang Heograpikong Lugar</i>	
Tagal ng G.I. Program	
Pangunahing Point of Contact <i>*Mangyaring ilista ang Pangalan, Posisyon/Title, Email, Numero ng Telepono:</i>	
Pangalawang Point of Contact <i>*Mangyaring ilista ang ika-2 point of contact kung mayroon*</i>	

NARRATIVE NA MGA TANONG

1. Pakilarawan ang pangunahing layunin ng iyong programa para sa gawad na pagpopondo na ito. (Maaari kang pumili mula sa mga opsyon sa ibaba.)
 - a. Pinaplano naming:
 - i. Dagdagan ang bilang ng kalahok sa aming kasalukuyang programa ng Garantisadong Kita.
 - ii. Habaan ang panahon kung saan tumatanggap ang mga kalahok ng garantisadong kita sa aming programa.
 - iii. Dagdagan dami ng garantisadong kita na dati nang natatanggap ng mga kalahok.
2. Paggawa at Karanasan ng Programa
 - a. Ilarawan ang katayuan ng iyong kasalukuyang program ng Garantisadong Kita. Kailan ginawa ang programa, at ano ang kabuuang tagal sa kasalukuyan?
 - b. Ilang pamilya o indibiduwal ang kasalukuyang sinusupportahan ng iyong programa? Kung mayroon kang naaaksyunang plano para ayusin at maabot ang mas maraming pamilya, mangyaring balangkasin ito nang maikli.
 - c. Ilarawan ang iyong mga proseso para sa outreach, pag-enroll, at pamamahagi ng pagbabayad ng kalahoik. Mangyaring magbigay ng katunayan ng iyong matagumpay na pangangasiwa ng mga prosesong ito.
3. Modelo at Approach ng Programa
 - a. Ilarawan ang iyong kasalukuyang model ng programa ng Garantisadong Kita, kasama ang pagiging kwalipikado ng kalahok, structure ng pagbabayad, at anumang kasamang mga serbisyong pangsuporta.
 - b. Anong mga gumagabay na prinsipyo o halaga ang humuhubog sa iyong programa, at gaano ito kalinaw sa iyong gawa sa mga residente ng Alameda County?
4. Pakikipag-ugnayan ng Komunidad at Mga Partnership
 - a. Ilarawan ang mahahalagang koneksyon ng iyong organisasyon sa Alameda County at paano ka nakikipag-ugnayan sa komunidad para suportahan ang iyong programa at kalahok.
 - b. Mayroon ka bang dati nang mga partnership sa iba pang mga organisasyon na pinaglilingkuran ang mga residente ng Alameda County? Kung gayon, ilarawan nang maikli ang isang mahalagang partnership at ang epekto nito sa iyong programa.
5. Epekto at Pagsusuri ng Programa
 - a. Ilarawan nang maikli ang mahahagang palatandan na ginagamit para sukatin ang tagumpay at epekto ng iyong programang Garantisadong Kita? Halimbawa ng mga palatandaan: Mga kinalabasan ng pagiging matatag na pabahay, Pagbabago sa katayuan sa trabaho, Kalusugan/kapakanan ng pag-iisip, mga hakbang para sa pampinansyal na seguridad at mga Kinalabasan ng kapakanan/eudkasyon ng anak.
 - b. Ilarawan nang maikli ang iyong kapasidad para sa koleksyon ng data at paano mo ginagamit ang data para ipaalam ang iyong programa.

- c. Idetalye nang maikli ang mga panglahatang kinalabasan ng programa sa kasalukuyan.
- 6. Kapasidad at Pagpapanatili ng Pang-oraganisasyon
 - a. Ilarwan nang maikli ang karanasan ng iyong organisasyon sa pangangasiwa ng mga programa ng direktang tulong na pampinansyal at paglilingkod sa mga residente ng Alameda County.
 - b. Idetalye nang maikli ang mga tungkulin at responsibilidad ng mahalagang kawani na nangangasiwa ng iyong programa ng garantisadong kita.